Voluntary Assisted Dying
QUEENSLAND

# Tagalog

## Tulong sa Boluntaryong Pagkitil ng Buhay

Queensland Government

Kung kailangan ng interpreter, humiling sa iyong doktor. Ito ay libre.

Kung kailangan ng tulong sa pagbasa nitong impormasyon, tumawag sa:

- Multicultural Connect Line libreng numero ng hotline: 1300 079 020
- Interpreter Service (Tulong sa Ingles): 13 QGOV (13 74 68) at humiling ng isang interpreter
- Translating and Interpreting Service: 13 14 50

# Mga salitang nakababahala

Ang aklat na ito ay may mga salitang nakababahala.

Sa unang pagkakataon na may isusulat na salitang nakababahala:

- ang salita ay **kulay asul**
- at ilalagay namin ang kahulugan ng salitang ito.

# Tungkol sa aklat na ito

Ang aklat na ito ay sinulat ng Queensland Health.

Ang aklat na ito ay tungkol sa **tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.**

*Tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay ay nangangahulugan na ang ilang mga tao ay maaaring humingi ng tulong upang wakasan ang kanilang buhay. Tanging ang mga taong lubhang may sakit at mamamatay sa panahong hindi lalagpas ng 12 buwan ang maaaring humingi ng tulong na kitilin ang kanilang buhay.*

Ang aklat na ito ay tutulong sa iyo para malaman kung ano ang tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.

Ang aklat na ito ay para sa mga taong gustong magkaroon ng karagdagang impormasyon tungkol sa tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.

**Maaari kang humingi ng tulong mula sa isang tao upang:**

- basahin ang aklat na ito
- malaman kung tungkol saan ang aklat
- magkaroon ng karagdagang impormasyon

Ang ibang taong may ibang paniniwala tungkol sa kamatayan at pagpanaw ay maaaring mabahala sa pagbabasa ng aklat na ito.

# Ano ang gagawin upang makakuha ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay

*Ang pagkuha ay nangangahulugan na maaari mong malaman paano ka maaaring mamatay gamit ang tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay*

Maaari kang pumili na gawin ang tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay

Ikaw mismo ang hihingi ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng iyong buhay.

Walang sinuman ang maaaring humingi ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng iyong buhay para sa iyo.

Walang sinuman ang maaaring pumilit sa iyo na humingi ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng iyong buhay.

Maaari mong ihinto kahit anong oras ang tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.



## Ang iyong doktor at tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay

Hindi kailangan na ang iyong doktor ay magsagawa ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay



Kung ang iyong doktor ay hindi nagsasagawa ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay maaari mong tawagan ang **Queensland Voluntary Assisted Dying Support Service (QVAD-Support)**.

*Ang Queensland Voluntary Assisted Dying Support Service (QVAD-Support) ay maaari kang tulungan makahanap ng doktor na nagsasagawa ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay*

Maaari kang makipag-ugnay sa QVAD Support Monday to Friday, 8.30am-4pm
**Email** QVADSupport@health.qld.gov.au
**Telepono:** 1800 431 371

# Sino ang maaaring makakuha ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay



**Maaari ka lamang makakuha ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay kung:**

- mayroon kang karamdaman na magiging sanhi ng iyong pagkamatay sa loob ng hindi hihigit sa 12 buwan
- mayroon kang karamdaman na nagiging sanhi ng matinding sakit sa katawan o pag-iiisip na hindi mo makayanan
- mayroon kang karamdaman na hindi na magagamot at hindi na titigil na maging sanhi ng iyong pagdanas ng sakit
- maaari kang gumawa ng desisyon para sa iyong sarili
- gusto mong makakuha ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.
- lagpas sa edad na 18 taon
- nakatira sa Queensland at isang residente

**Hindi ka maaaring makakuha ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay kung:**

- mayroon kang karamdaman sa pag-iisip ngunit wala kang sakit na magiging sanhi ng iyong pagkamatay sa loob nang 12 buwan
- mayroon kang kapansanan ngunit wala kang sakit na magiging sanhi ng iyong kamatayan sa loob nang 12 buwan
- hindi ka makagawa ng mga sarili mong desisyon
- wala kang karamdaman.

# Mga bagay na gagawin upang makakuha ng tulong sa pagkitil ng buhay

Upang makakuha ng tulong sa pagkitil ng buhay, kailangang hingin mo ito ng 3 beses at kumonsulta sa dalawang doktor.



## Unang paghingi

Ang unang paghingi ay kung humingi ka sa iyong doktor ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.



## Unang pagtatasa

Ang unang pagtatasa ay kung saan:

- Sasabihin sa iyo ng iyong doktor na maaari o hindi ka maaaring makakuha ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.
- Bibigyan ka ng iyong doktor ng impormasyon na tutulong sa iyong magpasya kung gusto mong makakuha ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.



## Pagtatasa ng Pagsangguni

Ang Pagtatasa ng Pagsangguni ay kung:

- Hihilingin ng iyong doktor na kumonsulta ka ng isa pang doktor.
- Sasabihin sa iyo ng pangalawang doktor kung siya ay sang-ayon na magkaroon ka ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.



## Pangalawang paghingi

Ang pangalawang paghingi ay kung:

- Mayroon kang nasusulat na paghingi ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.
- Bibigyan ka ng iyong doktor ng isang pormularyo upang maisagawa mo ito.
- Mayroong dalawang tao na sumasaksi ng iyong pagpirma ng pormularyo.
- Kung hindi mo kayang pirmahan ang pormularyo, maaaring may ibang taong pumirma para sa iyo, kung inatasan mo sila.



## Huling paghingi

Ang huling paghingi ay kung:

- Humihingi ka sa iyong doktor ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay nang pangatlong beses.
- Kailangang mayroong hindi bababa sa 9 na araw na pagitan mula sa una at huling paghingi. Ito ay para bigyan ka ng panahon na makasigurado na gusto mo talaga ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.
- Maaari kang humiling sa doktor gamit ang pananalita, pagsulat o paglalarawan sa pamamagitan ng iyong kamay o iba pang paraan.



## Huling Pagsusuri

Ang huling pagsusuri ay kung:

- Sasabihin sa iyo ng iyong doktor kung maaari ka pang makakuha ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay. Titignan ng iyong doktor kung nasunod ang tamang proseso.



## Desisyon ng pamamahala ng pagbigay

Ang desisyon ng pamamahala ng pagbigay ay kung:

- Pipili ka ng pamamaraan kung **papaano ibibigay** sa iyo ang **tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay**.

  *Ang sangkap ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay ay ang droga na sanhi ng kamatayan.*
- Mayroong dalawang pagpipipilian:
  - maaari mong piliin na ibigay sa iyong sarili ang sangkap ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay
  - maaari mong piliin na ibigay ng doktor mo sa iyo ang sangkap ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.
- Sasabihin sa iyo ng iyong doktor ang pinakamabuting opsyon para sa iyo.

# Pagtatalaga ng isang taong tagapag-ugnay



Kung nakagawa ka na ng desisyon ng pamamahala ng pagbigay, kailangan kang pumili ng **taong tagapag-ugnay**.

*Ang taong tagapag-ugnay ay isang taong tutulong sa iyo sa huling yugto ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay. Siya ay kailangang may edad na 18 taon o pataas.*

Ang pagtalaga sa taong tagapag-ugnay ay kung:

- Pipili ka ng isang taong tagapag-ugnay para sa iyo. Siya ay maaring ang iyong kapareha, kamag-anak, kaibigan, tagapangalaga, manggagawa na nangangalaga sa kalusugan o isang pinagkakatiwalaan.
- Sasabihin ng iyong taong tagapag-ugnay sa iyong doktor kung ikaw ay pumanaw na.
- Kung mayroon pang natitirang sangkap ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay pagkatapos mong pumanaw, ito ay ibabalik ng taong tagapag-ugnay, sa botika

# Pagwawakas ng iyong buhay



**Kung piliin mo na ibigay sa iyong sarili ang sangkap ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.** Isang parmasyutiko mula sa Queensland Voluntary Assisted Dying Pharmacy Service (QVAD-Pharmacy) ay magbibigay sa iyo ng sangkap ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay upang wakasan ang iyong buhay.

**Kung piliin mo na ang iyong doktor o nars ang magbibigay sa iyo ng sangkap ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay**, ang iyong doktor o nars ang magbibigay sa iyo ng sangkap upang wakasan ang iyong buhay habang may isang taong nanonood nito.

# Pagkatapos ng iyong kamatayan

## Pagtatapon ng sangkap ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay

Pagtatapon ng sangkap ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay ay kung:

- Kung piliin mong ikaw ang magbigay sa iyong sarili ng sangkap ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay, kailangan isauli ng iyong taong tagapag-ugnay ang anumang natirang sangkap sa botika. Sasabihan sila kung paano ito isasagawa.
- Kung piliin mo na ang iyong doktor o nars ang mamamahala sa pagbigay sa iyo ng sangkap ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay. Ang iyong doktor o nars ang magtatapon ng anumang natirang sangkap.

## Abiso ng kamatayan



Sasabihin ng iyong doktor sa Voluntary Assisted Dying Review Board na ikaw ay namatay na.

## Sertipiko ng kamatayan

Ang sertipiko ng kamatayan ay isang papel na nagsasaad kung paano ka namatay.

Ang sertipiko ng kamatayan ay magsasaad na ikaw ay namatay dahil sa iyong orihinal na karamdaman (halimbawa, cancer).

# Paano tatalakayin ang tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay



Ang pagtalakay ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay ay maaaring mahirap at malungkot.

Nais ng mga taong lubusin ang mga nalalabing oras na mayroon sila.

Ang mga opsyon na pinipili ng tao ay personal at mahalaga para sa kanila.

Ang pagtalakay ng iyong mga kahilingan ay makakatulong sa iyong pamilya at tagapangalaga na maintindihan ka.

Ang pinakamahirap sa pagtalakay ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay ay ang malaman kung saan magsisimula.

Narito ang ilang mga ideya:

- "Mahirap itong pag-usapan ngunit ito ay tunay na mahalaga sa akin."
- "Napag-usapan na natin kung ano ang mangyayari pagkatapos ng aking pagpanaw. Maaari ba nating pag-usapan pa ang tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay?"
- "Nakikipag-usap ako sa aking doktor. Hiniling niya na pag-isipan ko raw ang gusto kong gawin."

# Suporta sa mga pamilya at mga tagapangalaga



Pagkatapos ng iyong kamatayan ang iyong pamilya at tagapangalaga ay maaaring malungkot o mabalisa.

Maraming pamamaraan para sila ay makakuha ng suporta.

Ang iyong doktor ay maaaring tumulong na makakuha ng tamang suporta para sa iyong pamilya at tagapangalaga.

Para sa karagdagang tulong, maaari silang tumawag sa QVAD-Support:

**Email:** QVADSupport@health.qld.gov.au
**Telepono:** 1800 431 371

## Ano ang Voluntary Assisted Dying Review Board?

Tungkulin nilang siguraduhin na susunod ang lahat sa batas tungkol sa tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.

## Ano ang QVAD-Support?

Tungkulin nilang:

- magbigay ng impormasyon at suporta sa mga taong nagnanais ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay
- tumulong sa mga taong nagnanais ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay
- i-ugnay ang mga tao sa mga manggagawang nangangalaga sa kalusugan at serbisyo na nagsasagawa ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay
- tumulong sa mga manggagawang nangangalaga sa kalusugan na nagsasagawa ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.

## Ano ang QVAD-Pharmacy?

Tungkulin nilang siguraduhin na ang sangkap ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay ay ligtas na ibinibigay sa tao at ligtas na maitatapon.

Tinitiyak nila na ikaw, ang iyong doktor o nars ay marunong gumamit ng sangkap ng tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay.

# Paghingi ng tulong



Maaaring malungkot ang ibang tao sa pagbabasa nito. Kung ang pagbabasa nito ay nakapagpabahala sa iyo o kung kanino man at kailangan mo ng tulong, mangyaring tawagan ang isa sa mga sumusunod na telepono.

- Queensland Transcultural Mental Health Centre tumawag sa 3317 1234 o 1800 188 189 (sa labas ng Brisbane) o 1300 64 22 55 (24/7)
- World Wellness Group (suportang multikultural) tumawag sa 1300 079 020

Para sa karagdagang impormasyon at suporta bisitahin https://www.qld.gov.au/health/mental-health/help-lines.